PRESIDENTIAL COMMUNICATIONS OPERATIONS OFFICE
News and Information Bureau

PRESS BRIEFING OF PRESIDENTIAL SPOKESPERSON HARRY ROQUE
March 29, 2021 (12:03 P.M. –1:46 P.M.)

SEC. ROQUE: Magandang tanghali, Pilipinas.

Simulan po natin sa isang magandang balita 'no: Mamayang hapon ay may parating na pong isang milyong bakuna mula Tsina na binili ng pamahalaan. Kasama ito sa ating expanded vaccination program na tulad ng aking inanunsiyo, simultaneous na po ang pagbabakuna. Kasabay ng priority group A1 or healthcare workers ay pinapayagan na ang priority group 2 or senior citizens, at priority group 3, A3 or population with comorbidities.

As of March 27, 6 P.M. po, mayroon na tayong 656,331 na medical frontliners na nabakunahan sa 2,494 vaccination sites. Hindi po titigil ang pagbabakuna kahit na tayo po ay nasa ilalim ng ECQ.

Ito ang unang araw ng Enhanced Community Quarantine or ECQ sa National Capital Region, Bulacan, Cavite, Laguna at Rizal, kaya magbayanihan po tayo. Ipagpapatuloy ng ECQ ang nauna nang NCR Plus bubble noong isang linggo. Kailangan ng kooperasyon ng lahat para pagkatapos po ng pitong araw, ito po ang nais nating makamit:

- Mapababa natin ang bilang ng aktibong kaso dala ng COVID-19 surge mula sa higit na siyam na libo ngayon.

Makikita po slide on projections mamaya, at makakasama naman po natin si Dr. Alethea de Guzman, Director DOH Epidemiology Bureau para mas mapaliwanag ito.

Pero kung titingnan ninyo po itong ating infographic, iyong orange po, iyan iyong posibleng mangyari kung wala po tayong ginawa at ito po ay para sa Metro Manila lang. Makikita ninyo na pagdating po ng April 4, halos isang milyon na kung hindi po tayo gagawa ng kahit anong hakbang. Dahil po doon sa ating NCR bubble, mahigit kumulang mga 800,000 po ang magiging kaso natin pagdating ng April 4; kung tayo po ang mag-i-MECQ pa rin mula April 5 to 18, iyan po iyong green line.

Pero tingnan ninyo naman po ang nais nating makamit 'no, halos kalahati po 'no kung hindi tayo mag-i-impose ng kahit anong measures, iyong red line po iyong ating objective na sana po ay umabot ng 550 to 600,000 lamang po ang mga kaso sa Metro Manila by April 4 'no. Tapos kung ang ECQ po ay mas matagal, kung hanggang April 18, iyan naman po iyong blue lines. Huwag po kayong mag-alala, kasama po natin si Dra. Alethea.

- Now, bumalik sa normal ang ating healthcare capacity na ngayon ay nasa critical level. Iyan po iyong second objective po natin 'no.

- Ang pangatlong objective natin, mailigtas ang buhay ng marami, at ito po ang ating direksyon 'no.

Kasabay nito po, iyong pag-i-ECQ ay inaasahan nating papalakasin din po natin ang Prevention, Detection, Isolation, and Treatment:

➢ Sa Prevention, istrikto nating ipatutupad ang public health standards at safety protocols – mask, hugas, iwas at bakuna.

➢ Sa Detection, gagawin natin ang pagba-bahay-bahay para matukoy ang mga aktibong kaso sa pamamagitan ng ating Coordinated Operation to Defeat Pandemic or CODE Team Visits.

➢ Sa Testing, papaigtingin natin ito. Sa ngayon ay nasa mahigit 50,000 kada araw. Ito po ang dahilan kung bakit in addition doon sa ating mga PCR test ay bumili pa po tayo ng 500,000 na antigen to supplement.

➢ Papalakasin din po natin ang ating contact tracing sa pamamagitan ng ating StaySafe.ph. at ang mabuting balita, plantsadung-plantsado na po ang StaySafe.ph.

➢ At sa Treatment, paparamihin natin ang nakakaalam po ng One Hospital Command Center para maiwasan ang sabay-sabay na pagpasok sa malalaking ospital. At sa Abril po, magbubukas na rin po tayo ng karagdagang mga bed capacity, kasama na po diyan ang 110 bed capacity sa Quezon Institute na mayroon pong kakayahang gumamot ng moderate at severe cases.

Well, alam ninyo po, itong pagdami ng kaso ay dahil nga po sa mga variants 'no. Mayroon na nga pong UK, mayroon pang South Africa, mayroon pang Brazil, at nalathala na nga po sa isang magazine, mayroon ngang Philippine pa. Pero bagama't sa buong daigdig po ay talagang problema itong matinding pagdami ng mga kaso, nananatili pa rin po tayo na Number 30 pagdating po sa mga total cases ng COVID sa buong mundo. Ang active cases po, nasa Number 22 tayo. Ang cases natin per one million ay 134th pa rin tayo. At ang ating case fatality rate ay nananatiling mababa po at 1.8; tayo po ay 82 worldwide.

So kung mayroon po kayong nakitang fake news na tayo raw ay COVID capital, puwede ba ho ilagay ninyo sa noo nila itong mga ranking na nalathala po ng WHO.

Inilabas na rin po ng inyong IATF ang Omnibus Guidelines On Implementation Of Community Quarantine in the Philippines. Ito po ang guidelines para sa mga lugar na nasa ilalim ng ECQ:

- Una, kailangang sundin ang minimum public health standard sa lahat ng oras habang mayroon pong ECQ – mask, hugas, iwas at bakuna.
- Pangalawa, kinakailangan iobserba ang strict home quarantine sa lahat ng pamamahay at ang galaw ng lahat ng residente ay limitado sa pagkuha ng goods and

services at sa pagpunta sa mga pinapayagang opisina or establishments. Manatiling homeliners ang karamihan sa atin, stay at home po!

- Pangatlo, kung dati ay niluwagan at pinapayagan na ang below 15, ngayon po ay below 18 at over 65 iyong mayroong mga immunodeficiency at comorbidity at iba pang mga health risks kasama ang mga buntis ay kinakailangang manatili sa bahay sa lahat ng oras, liban na lang kung kukuha ng essential goods or services o magtatrabaho sa mga industriya at opisina na pinapayagan.
- Mayroong uniform curfew po sa lugar nang nasa ilalim ng ECQ pero hindi po kasama ang mga manggagawa, cargo vehicles, pampublikong transportasyon at operating hours ng pinapayagang establisyimento.
- Pinapayagan ang pag-iehersisyo mula sa 6 A.M. to 9 A.M. within the vicinity of your residences at sa inyong mga barangay.

Uulitin ko po ha, importante po talaga ang exercise. Hindi po kayo pinagbabawalan. Pero huwag naman kayong lalabas doon sa komunidad ninyo o doon sa inyong barangay ninyo. Kanina po, sabi ni GM Jojo, ang daming nagdya-jogging diyan sa Luneta 'no at nagba-biking. Hindi po allowed iyan. Kung gusto ninyong mag-jogging, diyan lang sa barangay ninyo; kung gusto ninyong mag-bike, diyan lang po sa barangay ninyo. Huwag po kayong lalayo dahil masisita po kayo!

Okay, pumunta naman po tayo sa mga industriya at establishments na pinapayagang ang full onsite capacity; kung dati ang tawag natin diyan ay operational capacity, ngayon ay full onsite capacity. Mapapansin ninyo po na dinamihan pa po natin ngayon ang pinapayagan na full onsite capacity: Iyong mga industriyang dating nasa maximum 50% tulad nang nasa medicine at vitamin production, medical supplies, equipment at devices, public markets, supermarkets, grocery stores, convenience stores at food preparation establishments tulad ng take out at delivery, at sa mga manggagawa sa utility, relocation work at railway projects ay ngayon ay nasa full onsite capacity na po.

Mayroon ding industriya na dati ay nasa sa skeleton tulad ng BPO establishment na ngayon po ay nasa full onsite capacity na rin.

Naka-flash po sa inyong screen ang trabahong nasa full onsite capacity. Basahin po natin isa-isa. Full onsite capacity:

- Mga ospital
- Health emergency and frontline services
- Manufacturers of medicine and vitamins, medical supplies, devices and equipment
- Industries involved in agriculture, forestry and fishery and other workers
- Logistics service providers
- Essential and priority construction projects, public or private
- Manufacturing related to food and other essential goods
- Companies that manufacture and/or supply equipment/products necessary to perform construction and maintenance works
- Essential retail trade and service establishments

- Food preparation establishments
- Public and private financial services providers involved in the distribution of government grants and amelioration subsidies
- BPOs and export-oriented businesses
- Mining and quarrying activities

Ito naman po ang mga trabahong nasa maximum 50% onsite capacity:

- Media establishments and their total permanent staff complement inclusive of reporters and other field employees.

Samantala, ito naman po ang nasa onsite skeleton workforce, at tama po kayo, iyong funeral and embalming services, skeleton force pa rin. Kasama po sa skeleton workforce:

- Dental, rehabilitation, optometry and other medical clinics
- Airline and aircraft maintenance, pilots and crew and employees of aviation schools
- Vet clinics
- Banks
- Money transfer services
- Iyong mga religious workers po
- Capital markets
- Security personnel licensed by the PNP
- Water supply and sanitation services and facilities
- Printing establishments authorized by the BIR and other government agencies
- Energy and power companies, their third-party contractors and service providers
- Establishments engaged in repair and maintenance of machinery and equipment
- Telecommunication companies
- Real estate activities limited to leasing only.

Sa mga government workers naman po, kasama na ang GOCCs at LGUs, nasa skeleton workforce ang papasok kasama ang iba pang alternative arrangements, work from home.

Ibang usapan naman po sa mga ahensiya ng gobyerno na may kinalaman sa health and frontline services, laboratory and testing services, border control at iba pang critical services.

Kinikilala natin ang awtoridad ng co-equal branches ng pamahalaan na magbigay ng alternative work arrangements.

Skeleton workforce din po ang mga nasa foreign diplomatic missions and international organizations na accredited ng Department of Foreign Affairs.

Sa tanong kung puwede ang staycation ngayong Semana Santa sa lugar na nasa ECQ – hindi po. Nilinaw po iyan, wala pong staycation habang tayo po ay nasa ECQ. Tanging hotels at accommodation establishments na may valid DOT accreditation ang pinapayagang mag-accommodate ng guests for legitimate purposes sa ilalim ng state of public health emergency. Kasama na po iyan, iyong mga hotels na ginagamit na isolation facilities.

At tulad ng sinabi noong Sabado, lahat ng pagtitipon or gatherings ay ipinagbabawal. Bawal ang gatherings outside of residences and gatherings at residences with any person outside of one's immediate household. Ang pagtitipon na pinapayagan subject to minimum health standards ay ang mga gatherings na may kinalaman sa pagbibigay ng health services, government services or humanitarian activities – kasama na po diyan iyong pagsalubong ng ating Presidente mamayang hapon sa Sinovac. Pero iyon nga pong activity mamayang hapon ay limitado lang sa lima, lima lang po silang susundo sa Sinovac dahil nga po sa umiiral na ECQ at mayroon din pong exemption na inisyu ang NTF para diyan.

Suspendido po siyempre ang lahat ng face-to-face classes sa lahat ng antas.

Samantalang ito po ang mga IDs na kinikilala: Una, iyong IATF IDs. Huwag po kayong mag-alala kung mayroong expiration date iyong mga IATF IDs. Gumawa na po ng resolution ang IATF na wala na pong expiration iyan. They are good and valid until matapos po ang declaration of public health emergency. Pangalawa IBP IDs, iyong Integrated Bar of the Philippine IDs para po sa mga abogadong kinakailangan magbigay ng legal representation. Pangatlo, bonafide IDs ng mga establishments na pinapayagan sa ilalim ng ECQ. Pang-apat, kung required ng LGUs, mga local ID para kumuha ng essential goods and services. Siyempre po ang mga medical frontliners, mayroon naman po kayong PRC o 'di naman kaya ID ng inyong hospital.

Tuloy pa rin po ang galaw ng cargo at delivery vehicles. Tuloy din ang takbo ng mga sasakyan ng public utility companies. Pagdating naman po sa shuttle services ng mga pinapayagang establisyimento, hindi sila subject sa ID system. Kailangan lang ay sundin ang minimum public health standards.

At dahil bukas at sa Miyerkules ay katapusan at araw ng suweldo, pinapayagang magtrabaho sa ilalim ng ECQ ang mga empleyadong may kinalaman sa pagpuproseso ng payroll.

Pumunta naman po tayo sa guidelines sa pampublikong transportasyon sa ilalim ng ECQ. Pinapayagang lumipad ang ating mga eroplano ngunit ito po iyong pang-international, limitado lamang sa maximum na 1,500 passengers kada araw ang international inbound passenger capacity.

Pinapayagan din po ang domestic commercial operations subject sa compliance on requirements or restrictions sa kapasidad at bilang ng lipad or frequency ng flights na puwedeng i-impose ng mga local na pamahalaan sa labas ng NCR bubble. Siyempre po, tanging APORs lang ang pupuwedeng sumakay sa mga domestic flights.

Pinapayagan din po ang mga barko na lumayag at 50% capacity at sumusunod sa mga protocols. Ang pagbibiyahe ng mga barko ay subject to requirement na imposed ng mga lokal na pamahalaan kung saan manggagaling at matatapos ang biyahe.

Iyong mga pinapayagan lang magbiyahe ang pinapayagang sumakay ng eroplano o barko – sila iyong mga APORs or Authorized Persons Outside the Residences at kailangan essential travel po ito.

Nasa dalawampu hanggang tatlumpung porsiyento naman po ang passenger capacity ng ating mga tren. Makikita ninyo po ang schedule at oras ng biyahe ng LRT, MRT at PNR sa inyong screen.

Tuluy-tuloy din po ang ating biyahe sa kalye at lansangan. Nasa 50% ang maximum allowable capacity sa ating public utility vehicles kasama na rito ang public utility bus, ang UV express service, ang public utility jeepney, ang shuttle service, tricycle at taxis and TNVS, pati po motorcycle taxi.

Makikita sa mga sumusunod na infographics ang seating arrangements. Ito po iyong ating seating arrangements 'no. Sa mga bus makikita ninyo po 'no na kinakailangan talaga strictly every other seat 'no. Sa UV express mas maraming espasyo ang kinakailangan, ito po iyong public utility buses 'no – every other seat at saka iyong every other row dapat isang pasahero lamang. Pagdating po sa UV express, makikita ninyo po na dalawa lang kada upuan ang pupuwedeng sumakay at hindi po dapat naghaharapan at nagtatabihan. Sa public utility jeepney po, every other seat po at wala pong dapat naghaharapan.

Okay, at sa shuttle service ganoon din po, every other seat; in effect po per row dalawa lamang. At iyong sa isang upuan, isa lang po.

Now, dito po nagtatapos ang ating presentasyon pero bago tayo pumunta sa tanong ng mga reporters, kasama po natin, unang-una, the man of the hour, DBM Secretary Wendel Avisado. Kasama rin po natin si MMDA General Manager Jojo Garcia. Kasama rin po natin, Dr. Althea De Guzman, Director po ng Department of Health Epidemiology Bureau. At kasama po natin si Dr. Eva Maria Cutiongco-De la Paz, Executive Director ng National Institute of Health, UP-Manila.

Puntahan na po natin si Secretary Avisado. Sir, mayroon na ba ho tayong pagkukunan noong ibibigay nating assistance doon sa mga hindi makakapagtrabaho itong Semana Santa? The floor is yours, Secretary Wendel Avisado.

DBM SEC. AVISADO: Maraming salamat, Secretary Harry. Magandang tanghali po sa ating lahat. Awa ng Diyos po mayroon naman pong pagkukunan tayo para sa special amelioration assistance na ibibigay natin sa mga naapektuhan nitong ating kasalukuyang pinapairal na ECQ.

Ang mga detalye po nito hindi ko pa po maisisiwalat sapagkat ito po ay nasa kamay pa ng Office of the President at kasalukuyang niri-review ng Office of the Executive Secretary. But hopefully within the day po magkakaroon na ng anunsiyo mismo ang Office of the President patungkol dito. The details as I've said will have to be revealed by the President maybe or by the Executive Secretary.

But definitely, ang sinisiguro po natin na mayroon pong inihandang ayuda ang ating national government para po sa mga naapektuhan ng ECQ sa NCR Plus bubble. Iyon lang po muna sa ngayon po.

SEC. ROQUE: Sir, pero sigurado po na kapag iyong sinabi ninyong assistance ay para sa mga naapektuhan, ito po ay para sa NCR Plus 4, iyong mga probinsiya po na karatig ng Metro Manila.

DBM SEC. AVISADO: Ay opo, opo. Ito po iyong buong NCR at saka lalawigan ng Bulacan, Rizal, Cavite at Laguna po.

SEC. ROQUE: Oo. At saka isa pa pong hint 'no. Ito ba po ay kapareho noong mga nabigyan ng ayuda noong naunang ECQ o mas marami?

DBM SEC. AVISADO: Dito po sa pangkalahatan po ang kinukonsidera natin, base na rin sa datos ng DSWD at saka ng National Economic and Development Authority. At sabi ko nga, malalaman natin ang kabuuan nito once na may aksiyon na ang ating Pangulo tungkol dito.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Secretary Wendel Avisado.

DBM SEC. AVISADO: Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Kasama rin po natin si MMDA General Manager Jojo Garcia. Sir, bukod doon sa nauna ko nang paglilinaw na ang exercise bagama't ito po ay allowed ay dapat sa bahay lang, sa komunidad, sa barangay, huwag pupunta ng Rizal Park. Ang tanong ng marami, kinakailangan ba ho ng quarantine passes? The floor is yours, MMDA General Manager Jojo Garcia at kung mayroon pa kayong ibang nais na ianunsiyo. GM Garcia, the floor is yours.

MMDA GM GARCIA: Good afternoon po, Secretary 'no. Good afternoon po sa lahat ng mga nanunood po. Unang-una po doon sa exercise po, of course essential po iyan, kailangan mag-exercise ang ating mga kababayan.

Pero sana po iniengganyo natin sila as much as possible doon na lang sa mga tapat ng bahay nila, kung kailangan po nilang magpa-araw, maglakad-lakad ng kaunti po or mag-jogging baka puwede doon na lang po sa community nila or doon po sa barangay, huwag na pong lalabas, huwag na pong tatawid sa ibang lugar.

Let say kung kayo po ay taga-Makati, magba-bike pa kayo hanggang Antipolo, iwasan na po natin iyong mga ganoon, doon lang po tayo sa community natin. At ang mag-exercise naman po, good for one hour lang naman po, puwede na po iyan, kaya ito po ay ibinibigay natin from 6AM to 9 AM po. Pero still we encourage everyone to stay home.

Second po doon sa mga quarantine passes, there are some LGUs po na nagbibigay ng quarantine pass para ikontrol po iyong paglabas ng mga tao, alam naman po natin per household 'no, may kailangang mamalengke o mag grocery, bibili ng gamot, papayagan po natin diyan isang tao lang per household.

Kaya there are some LGUs na may mga existing quarantine pass, they will allow it. Pero kung hindi na po aabot, dahil isang linggo lang po naman ang ating ECQ ay makikita naman may mga ID or ipapakita talaga na bibili ng essential goods.

Pero again, we will again reiterate if ever po kayo ay magpapalengke, maggo-grocery, doon na lang within your community, within your barangay or within the city. Hindi na puwedeng taga-Marikina ka, maggo-grocery ka sa Makati pa ano. Limit lang po talaga natin iyong movement, alam naman natin napakadelikado ng sitwasyon ngayon lalo na sa new variant at ayaw naman po na pag-uwi ninyo, puwedeng mahawa iyong mga mahal ninyo sa buhay sa pag-uwi ninyo sa bahay.

So, so far iyon lang po, Secretary. Then doon po sa pagbibigay po naman ng tulong, ang ating local government nakahanda po, lahat iyan, if ever po may support po from the national government. Kami po ay nagpapasalamat kay Secretary Wendel, sa ating Pangulo na in-assure naman po na may tulong pong isusuporta ang national government sa ating mga LGUs at sa distribution po niyan makakaasa po kayo kaya pong gawin ito ng ating mga local government units, if ever po dumating na po iyong tulong.

SEC. ROQUE: Okay. Sunod naman nating panauhin, si Dr. Alethea De Guzman. Siya po ang Director ng Department of Health Epidemiology Bureau. Ma'am, paki-explain po sa ating mga kababayan iyong ating criteria na daily attack rate to average two-week attack rates at saka critical care capacity. Ano po at bakit tayo nagdesisyon na mag-ECQ? At ano iyong ninanais nating makamit pagdating po ng April 4, 2021? Dr. Alethea De Guzman, the floor is yours po.

DR. DE GUZMAN: Spox, magandang tanghali po. Salamat po sa imbitasyon. If I may be permitted po to share our presentation, it will be just a short presentation po, sir.

SEC. ROQUE: Yes please, ma'am, go ahead.

DR. DE GUZMAN: Salamat po. Gusto lang po namin iparating, ano ba iyong current na situation natin sa COVID hindi lamang po nationally, pero especially ito po sa National Capital Region at ng ating bubble.

Gusto nating iparating na nakikita ngayon na ang ating mga kaso ay tuluy-tuloy pa pong tumataas. At ito po ay mas mabilis na pagtaas kumpara sa nakikita natin dati at isa po sa basehan po natin na nasabi natin, kinakailangan na rin nating mag-ECQ.

At iyong ikalawa po ay dahil sa tuluy-tuloy pong pagtaas, nakikita natin napupuno na po talaga ang ating mga ospital lalo na po ang ating mga ICU at napakahalagang bantayan ang ICU dahil to ang nag-e-insure na ang ating mga severe at critical cases ay mama-manage ng tama at mababawasan po natin ang deaths because of COVID.

Pero iyong ikatlong gusto po sana po namin magpaabot ay ang ECQ po ay hindi lamang para i-restrict ang mobility natin, ito po ay dapat samahan po natin ng pag-adhere sa minimum public health standards.

At mayroon din po tayong accountability, when we talk about accountability, hindi lamang po ito gobyerno at LGUs, tayo po 'no, mga personal accountability po natin na mag-cooperate at i-support iyong programa na maaga po tayong magpatingin, tayo po ay mag-cooperate sa mga nako-contact trace. At kung tayo po ay sinabihang kailangang mag-isolate, mag-quarantine o mag-test, dapat po tayo ay sumunod.

Sayang po kasi ang ECQ kung hindi po natin ito gagawin, parang tayo ay nag-lockdown lang. Pero makikita natin mamaya, wala po o kakaunti lamang ang magiging epekto nito kung hindi po sasamahan noong dalawang bagay na ito.

Kahapon po, nakapagtala tayo ng 9,475 new cases, higit sa kalahati nito ay sa National Capital Region at sinundan po ng galing sa CALABARZON at sa Region III. At kung titingnan natin ang breakdown kung saan-saang specific na siyudad o probinsiya, ang Quezon City alone, it accounts for 20% of the new cases in the National Capital Region at 1,093. At iyong mga iba pong provinces and [unclear] ay Manila, Bulacan, Cavite po at Rizal at kasama po sila doon sa top 3 regions natin.

Dito din po pinakikita natin, ano na ba iyong kabuuang total ng cumulative cases natin. Pero iyong nabanggit nga po ni Spox na ang mga binabantayan natin dito, hindi lamang iyong total number pero ito pong porsiyento na severe and critical; ngayon po maliit lamang siya, 1.54% lamang siya ng mga aktibong kaso o iyon pong mga infectious pa. Ito po iyong kinakailangan bantayan natin na huwag po siyang tumaas, hindi lamang sa numero pati ng porsiyento.

Nabanggit din po kanina na ang ating case fatality ay mababa po sa ngayon at gusto natin maiwan po siyang mababa at iyon tuluy-tuloy po iyang maiiwang mababa kung ang ating mga severe at critical ay maalagaang mabuti at ma-push natin sila towards recovery rather than fatality po.

Subalit dito po sa graph na ito, pinakikita natin iyong alarming situation natin na ang ating peak nitong nakaraang gitna ng Marso ay humigit na po doon sa peak na natin last year, halos doble na po siya. At itong mga bagong kaso, sumunod ng peak na ito, kung saan nakikita po ninyo iyong arrow malapit na niya ng abutin iyong nakikita ninyong pinakamataas na bar, doon po iyong halaga ng pagbabawal ng mobility, ang pagpa-practice ng ating MPHS ang pag-cooperate po natin sa ating mga LGUs para tayo po ay makita agad para po hindi na po tayo umabot, hindi na natin malagpasan ang peak na ito.

Gusto rin naming ipakita na tayo naman ay hindi naging pabaya. Noong nakita natin nagsisimula pa lamang po iyong pagdami ng kaso nakita natin iyan sa Pasay City muna mayroon na pong ginawa ang ating mga LGUs, ito ay sinundan ng buong MMDA ng pag-conduct po ng mga granular, mga localized lockdown. Subalit nakita natin na tuluy-tuloy pa po iyong pagtaas ng mga kaso po natin at ito ay mabilis na pagtaas ng kaso. Kanina po ipinapaliwanag nga po ni Spokesperson Harry iyong posibleng epekto po nito, na ang ating mga variants of concern na tinatawag ito iyong B.1.1.7 na una pong na-report sa UK at ang B1351 na una pong na-report sa South Africa, sila po ay nakatulong para po bumilis ang pagdami ng kaso.

Subalit ito po iyong gusto naming ipaabot: May variant of concern man ang isang kaso o wala, napakahalaga po ng MPHS para po ma-prevent na ma-transfer iyang variant of concern na iyan from one person to another. Higit na mahalaga dahil highly transmissible nga po ang mga variants of concern pong ito.

So hindi lamang—so dapat tayo ay higit pang mag-ingat, dahil itong mga variants of concern mas highly transmissible. So the masking, the physical distancing are very important so that we limit, we lessen iyong tiyansa po natin na ma-infect po ng virus at ng mga may variant of concern.

Gusto din nating ipakita na pagdating naman po sa testing 'no, napakalaki ng itinaas ng testing natin. Pero diyan po papasok iyong tinatawag nating paghahanap ng kaso, dapat po ang i-prioritize kung kayo po ay symptomatic. Kung kayo po ay pumasok na doon sa tinatawag naming suspect case definition, na-lagnat, may kasama pang ubo o mayroong tatlo o higit pang mga sintomas, tayo po ay magpatingin na agad o di po kaya kayo po ay close contact, napag-alaman ninyo na exposed kayo sa isang confirmed case or kahit suspect case pa lamang magsabi na po kayo para kayo po ay agad natin na ma-test at kayo po ay maaadbaysan na mag-isolate o quarantine para naman masigurado nating hindi na po dadagdag iyong infection from our cases and our close contacts.

Dito rin po, ito iyong tinatawag naming reproduction number: Ano po ang ibig sabihin noong 1, 1.37 at 1.4. Sa ngayon ang pinakahuli po, ang pinaka-current na reproduction number natin ay noong March 13 at nakikita na ito ay 1.4. Kapag trinanslate po natin, ibig sabihin kung mayroong isang daang kaso nag-i-infect siya ng additional 140 other individuals. Ito ay mas mataas sa nakikita natin noong February 14 na 1 lang; ibig sabihin 100 cases additional 100 individuals. Ito po ay sa national.

Subalit para sa NCR, mas mabilis pa nga po, it's 100 cases having additional 149 positive individuals at ito ay mas mataas kumpara po noong mga nakaraang buwan.

Binabantayan din po natin iyong mga nabanggit po ni Spox na 2-week growth rate at mga tinatawag naming ADAR (average daily attack rate). Ano po iyong 2-week growth rate? Ito po, ilan ang na-report na kaso noong nakaraang linggo, nakaraang dalawang linggo, at ano po ba

iyong laki niya o liit niya noong mga ni-report na kasi three to four weeks ago. At para po sa Pilipinas, nakita po natin, 126% na po ang ating 2-week growth rate. So para po mas madaling maintindihan, ibig nitong sabihin, ang mag nari-report na kaso sa nakaraang dalawang linggo ay two times higher than what we were reporting three to four weeks ago. At para po sa Region II, sa NCR, actually po halos four times higher ang niri-report na mga kaso sa mga rehiyon na ito nitong two weeks compared to three to four weeks ago po. So iyon po iyong two-week growth rate.

Pero para makita rin natin iyong laki ng populasyon na apektado, nagiging bagong kaso, doon po papasok iyong average daily attack rate. So dito po, nakikita natin sa Philippines po na sa six cases per day per 100,000 population ang nagiging bagong kaso. Ito ay mas malaki sa 2.75 na nakita natin three to four weeks ago. Halos pareho 'no para sa Region II. Pero tingnan po natin ang NCR. Kung tayo po nationally, six lamang po ito, sa NCR ay halos 27 new cases per day per hundred thousand population. So napakalaki po talaga nang tinatawag nating burden 'no, mga bagong kaso po sa National Capital Region.

At nakikita rin po natin sa table na ito, halos lahat ng mga rehiyon ay pataas ang kaso; positive ang two-week growth rate po nila. At sa mga lugar tulad ng Region VII at Region VIII na negative naman po, hindi na kasing laki iyong pagbaba ng kaso. Like example, sa Region VII, dito po sa second to the last line, dati po negative 11% na 'no iyong kaniyang pagbaba; ngayon po medyo bumagal na po siya at -4%.

So ito po iyong binabantayan natin dahil posible po na mula sa pagbagal ng pagbaba ng kaso baka po maging positive na po ito. So napakahalaga na ngayon pa lamang po, lalo pa nating i-enhance, mas maging mabilis po tayo sa ating mga PDITR strategies at again 'no, the MPHS.

Para naman po sa NCR, ito rin po iyong mukha 'no. Lahat ng lugar sa NCR po kasi ay kung hindi critical risk, high risk. At iyong binabantayan pa natin 'no. Actually, hindi naman natin sana kinailangan mag-escalate kahit na tumataas ang kaso. Kaya lang doon po sa huling column, nakikita natin, puno na po talaga ang ospital at sa tingin ko ay nararamdaman iyan ng ating community, nararamdaman iyan ng ating mga health care workers. So kailangan po nating i-decongest ang mga ospital na ito.

Mamaya po ay sasabihin ko, ano po ba ang laman ng ating mga ospital. Bago po iyon, tingnan natin ang deaths. So maganda iyong trend natin, pababa naman po siya. Pero liban po sa case fatality rate, tinitingnan namin, ilang deaths per day ba ang naoobserbahan natin. Sa ngayon, 14 deaths per day tayo – mababa pa po ito kumpara doon sa February na naka-20 deaths per day tayo or January ng 31. Pero ito po, dapat talaga masinsin, iyan ho iyong ini-ensure natin na sana huwag na hong tumaas dahil ayaw natin na magkaroon tayo nang dagdag na mga deaths because of COVID.

Kasama po ang NCR along with VII, IV-A, CAR and XI na closely monitored po dahil sila po ay consistently mayroon pong mga deaths po na nari-report.

Ito po iyong ating tinatawag na health care utilization. Kanina sabi ko nga po, ano pang laman ng ospital natin? Nakikita po natin dito sa table sa kaliwa—baliktad po ito, pasensiya na po. Ang symptomatic po natin ay 38%. Ito po iyong asymptomatic at mild cases, iyan po iyong pinapakiusap natin ang ating mga LGUs, siya po ay ma-triage na para sila po ay mailagay natin sa mga TTMFs, at ang ating ospital 'no, iyong mga kama natin sa ospital ay ma-accommodate o ma-prioritize natin ito po sa mga moderate, severe at critical po na sila po iyong pinaka nangangailangan ng mga hospital beds po natin.

Lalo na itong ICU rates na ngayon po ay talagang umabot tayo sa critical risk. Ito po, again, napakahalaga dahil dito po, sila po, ito po iyong mga kama na ginagamit ng ating severe and critical. At alam natin, sila po iyong pinakamataas ang risk na maging fatality po.

Gusto ko lamang pong tapusin 'no iyong aking presentation, iyong napakita po ni Spox kanina. Ano po ba iyong mukha ng trend natin pagkatapos ng ECQ na ito? Dito po, pinakikita iyong limang scenarios. Nakita natin na kung tayo ay naiwan na nag-NRC bubble noong isang linggo tapos balik na naman tayo, wala tayong bubble, talaga pong siya iyong may pinakamabilis na pagtaas ng kaso.

Babagal siya nang kaunti kung naiwan po tayo sa NCR bubble kaya lang po, tuluy-tuloy pa rin po ang pagtaas 'no.

Iyong ikatlong scenario, paano po kung nag-bubble tapos nag-MECQ tayo after? Mas mababa ang kaso sa NCR kaya lang ganoon pa rin 'no, continuous upper trend iyong makikita po natin.

Ang nakikita naman namin ngayon, itong isang linggong ECQ po natin, bababa nang kaunti pagkatapos ng ECQ. Pero nakikita sa ngayon, posible pong tumaas na naman 'no. Ang dami nang kaso natin pagkatapos nang ma-lift ang ECQ. Kaya iyong isa sa pinu-propose, iyong isa sa mga nirirekomenda ng ating eksperto ay baka kinakailangan i-extend 'no. Dahil doon sa pag-extend ng ECQ, doon natin nakikita iyong tuluy-tuloy na pagbaba ng kaso. Naiintindihan natin ang economic implication po nito. Hindi po ito isang desisyon na gagawin natin nang mabilisan.

Titingnan natin ang datos sa susunod na linggo kung kinakailangan po ba talaga ito. Pero ito pong huli, ang pakiusap po natin, para tayo ay hindi tuluy-tuloy na nai-ECQ o hindi po tayo pabalik-balik sa ECQ, dalawa lamang: Mag-MPHS po tayo. Kapag sinabi po nating across all settings, sa trabaho, sa transportation service, sa bahay. Kung kayo po ay mag-isa sa bahay, hindi ninyo naman po kailangan mag-mask or face shield. Pero kung may mga kasama tayo sa bahay lalo na kung matatanda, may mga sakit, napakahalaga ng pagma-mask, pagpi-face shield at physically distance.

Pinapakiusapan din po namin kayo na ngayong naka-ECQ tayo, huwag na tayong mag-congregate outside our homes. Wala na po talaga munang non-essential travel. At kung kinakailangan po nating lumabas dahil tayo ang namimili, tayo ang bibili ng pagkain, mga

gamot, limitahan natin iyong duration. The less number of hours you are out of the home, getting exposed, is much better po iyan.

Ikalawa na lamang po ay iyong pakikipag-cooperate natin sa ating LGU. Alam ninyo, ang LGU natin, nakita natin naging epektibo. Napababa naman po talaga natin ang ating mga kaso. Pero ito iyong panahon na ibalik natin iyon 'no. We need to submit ourselves, magpatingin tayo agad, mag-cooperate tayo sa contact tracing, isolation. I-avoid na po natin ang home isolation. Diyan po talaga iyong pinakamabilis ang transmission.

So kung kayo nga, nabanggit ko kanina, symptomatic na po, magpatingin na agad sa inyong health center. Kung kayo ay kaso, close contact, please also contact your barangay para kayo po ay ma-advise-an tungkol sa isolation, sa testing po. Ang LGUs natin ay nandiyan para i-facilitate ang referral sa inyo, saan po kayo dapat ipatingin or i-isolate at i-quarantine. At sa ating mga workplaces, napakahalaga ng safety protocols.

Ang isang obserbasyon namin, kaya ho dumarami ang kaso sa mga opisina, nagsasama-sama po tayong kumain or kapag breaktime. So napakalaki po talagang sakripisyo nito. Pero isang taon na rin po iyong sacrifices natin, so kaunti na lang. I hope makatulong po at ito ay isang bagay na ma-imbibe natin iyong ating pag-adhere sa MPHS at pag-adhere 'no, pag-cooperate po sa ating LGUs when it comes to our PDITR strategies.

So iyon lamang po. At thank you po, Spox Harry. Turning back to you po.

SEC. ROQUE: Thank you, Dr. De Guzman. Alam ninyo po, si Dr. De Guzman sa mula't mula ay kasama na po natin. Medyo camera shy lang siya dati kaya hindi siya nagdi-discuss ng mga ganitong figures. Pero, Ma'am, sa panahon ng pandemyang ito 'no, importante po na hindi lang gobyerno ang kumakalap ng datos; gobyerno rin ang bumabasa 'no. Ngayon po kasi maraming mga pribadong indibidwal na bumabasa ng datos na galing naman sa DOH. So I hope you don't mind, Ma'am, iimbitahin namin kayo regularly para kayo na po ang bumasa ng mga datos na galing din sa gobyerno nang hindi naman isipin ng mamamayan na binabasa pa iyan mga pribadong sektor. Okay lang ba ho ito?

DR. DE GUZMAN: Our pleasure po, Spox.

SEC. ROQUE: Okay. Maraming salamat, Dr. De Guzman. And finally, may isa pa po tayong kasama, si Dr. Eva Maria Cutiongco-De la Paz, Executive Director ng National Institute of Health sa UP Manila. Ma'am, paki-discuss nga po kung ano ba itong mga bagong variants na mas nakakahawa 'no. Importante po kasing maintindihan ng tao na ang kalaban ay iyong virus na nag-mutate at hindi po ang gobyerno, ang IATF. Dr. De la Paz, the floor is yours.

DR. DE LA PAZ: Maraming salamat po, Secretary Harry at sa atin pong mga tagapakinig. Marami na po tayong narinig na mga variants, iyon B.1351 na unang ni-report sa South Africa, iyong B.1.1.7 po naman sa UK. Siyempre po mayroon din po iyong P.1 na galing sa Brazil subalit

nagkaroon na rin po tayo noong P.3 variant 'no na una pong iniulat sa Pilipinas ng Department of Health at ng UP-Philippine Genome Center po.

Nagtataglay po ang mga variants na ito ng mga hanay ng mga mutations 'no, kung tawagin po natin signature mutations na maaari pong makapag-increase kung tawagin po natin ng tiyansang magkapanghawa or transmissibility. At mayroon din po namang tinatawag na nakaka-escape ng ating immune system kaya po sila po ay ikinakabahala ng marami.

Ang nais ko pong i-discuss siguro po kasi marami na rin po tayong narinig tungkol sa B.1.1.7 iyong galing sa UK saka iyong B.1351 na galing po sa South Africa. Iyong P.3 po na nakita po sa atin sa Pilipinas, nagtataglay po ito ng isang hanay ng labinlimang mutations po or signature mutations at itinalaga po sila bilang P.3. Kasama po nito ay pito pong mutations, nakakaapekto po ng kung tawagin natin ay spike proteins na bahagi po ng virus na nagtataguyod sa pagpasok ng virus sa mga host cells.

May dalawa pong importanteng mutations na kasama po dito na nakikita rin sa mga ibang variants of concern – ang N501Y at ang E484K mutation po 'no. Ang mutation na N501Y ay nakakaapekto po sa naririnig na rin po nating mga receptor-binding protein or domain ng spike protein. Ang mga protina po tulad ng spike protein ay binubuo po iyan ng mga amino acid.

Ang N501Y mutation—ang amino acid po, para lang po naiintindihan ng ating mga tagapakinig, 'pag sinabi po nating N501Y mutation, ang amino acid po na nasa posisyon number 501 napalitan po. At dahil po dito at ito ay malapit po sa dulo ng spike protein, binabago po nito ang hugis ng protina at ito po ay nagkakaroon ng mas mahigpit na kapit sa mga selyula ng tao.

Ang mutation naman po na E484K, ang amino acid po na nasa position 484 napalitan din kaya po tinatawag naman po itong escape mutation o may kakayahan na takasan po ang immune system ng tao, again sa pamamagitan po na anyo nito. Ayon po sa mga eksperimento, mas mataas ang mga antibodies na kinakailangan upang maiwasan ang impeksiyon ng mga selyula sa katawan ng isang taong may COVID kung ang virus po ay may taglay na mutation na ito.

So sa ngayon po sa ating bansa, nakapag-sequence na po tayo ng mga 4,335 sa UP-Philippine Genome Center 'no. At nakita po doon na mga 9.1% po ang pinakamadalas pa rin pong nakikita or most common variants of concern ay ang B.1.1.7 at saka po ang B.1351, sila po ay mga variants of concern na. Ang atin pong P.3 ay variant under investigation pa lang po. So ang ibig sabihin po noon kailangan pa po natin siyang araling mas mabuti.

Sa up to date nga po, 104 samples na na sequence sa Philippine Genome Center po ay may P.3 na variant na karamihan ay nanggaling sa rehiyon ng Central Visayas, ang porsiyento po noon ay 70% pero sa NCR nakita na rin po siya mga 14.4% po ay nakita sa NCR. Mayroon na rin pong mga kaso naiulat na galing po sa ibang bansa na may P.3 – isa po sa Germany, isa sa Japan, apat sa UK at dalawa sa Australia. Pinapakita po sa pagsusuri ng Philippine Genome Center na

ang pinanggalingan po ng mga ito ay mukha pong galing din po sa Central Visayas maliban sa isang sample po sa Australia na ang pinagmulan po—na mukhang pinanggalingan ay sa NCR.

So ang nais ko lang pong sabihin na importante pong mensahe, Secretary Roque, ay sa pag-aaral po ng ating Epidemiology Bureau at ni Dr. John Wong ng Epimetrics, nakita po kung paano ang itataas ng mga kaso sa mga lugar na nakita na ang mga variants kumpara po sa mga lugar na wala pang variant. Subalit marami pong kadahilanan o factors na puwede pong magdulot nito, hindi lang po dahil sa variants.

Mayroon na po naman tayong mga pamantayan ng minimum public health standards kasi pong kung tama pong naipatupad ang lahat ng ito at kasama po madaling pag-detect ng mga kaso, contact tracing, naihiwalay ho kaagad, na-isolate kaagad sa lalong madaling panahon ang mga kaso, puwede po nating putulin ang transmission. Habang tumatakbo po ang mga araw kasi na hindi naihihiwalay kaagad ang mga kaso, madami po silang puwedeng mahawahan.

Kaya po kanina po narinig natin kay Dr. Althea De Guzman na sana po at talaga pong magtulung-tulong tayong lahat. Bawat isa po sa atin ay may responsibilidad na protektahan hindi lang po ang ating sarili kung hindi ang ating mga pamilya at ang ating komunidad.

Iyon lang po, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Thank you, Dr. Cutiongco-De la Paz. Ma'am, pero tama po iyong sinabi ko 'no na talagang malaki ang papel na ginagampanan ng mga new variants sa pagdami ng kaso bagama't ang talagang adaptation natin dito ang mas maigting pang mask, hugas, iwas at bakuna. Tama ho iyan 'no?

DR. DE LA PAZ: Tama po, Secretary Roque. Tama po. Kasi po ang virus eh wala naman po—gusto ko lang pong sabihin iyong sinabi na ni Dr. Edsel Salvaña 'no, ang ating isang Technical Advisory Group ng IATF. Sabi po niya ang virus wala pong brain, walang paa, walang kamay so hindi po siya nakakapag-isip. Ang puwede lang pong mag-transmit ng virus eh tao. So kung atin pong susundin iyong minimum public health standards ay makakaiwas po tayo sa paglaganap ng mga kaso, Secretary.

SEC. ROQUE: Pero maraming salamat po sa paglilinaw dahil napakadami pong utak talangka ngayon 'no na sinisisi ang gobyerno. Maraming salamat po sa inyong paggamit ng siyensya.

Now pumunta na po tayo sa ating open forum. Simulan po ni Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Yes. Good afternoon, Secretary Roque, at sa atin pong mga guest. Unang tanong mula kay Kris Jose of Remate para po kay DBM Secretary Avisado: Sinu-sino daw po ang mabibigyan ng ayuda? Lahat po ba kuwalipikado na mabigyan ng ayuda o iyong mga wala at nawalan ng trabaho lang at hindi na kasali ang mga may trabaho pero nasa ilalim ng ECQ?

DBM SEC. AVISADO: Bale po sa puntong iyan eh we are guided by the data given to us by both the DSWD and the NEDA. And based on the latest population statistics from NEDA, there are an estimated 22.9 million beneficiaries which correspond to the 80% low-income population in NCR, Bulacan, Rizal, Cavite and Laguna and these are the areas placed under ECQ so iyon 'yung pinagbabasehan natin. So hindi po lahat kundi base po sa datos na binigay sa atin ng NEDA at saka ng DSWD.

SEC. ROQUE: Paki-ulit po, 22 point… ilan pong million?

DBM SEC. AVISADO: Twenty-two point nine (22.9) million more or less.

SEC. ROQUE: Twenty-two point nine (22.9) million more or less. Okay. Maraming salamat, Secretary. Next question, Usec.

USEC. IGNACIO: Opo. For Secretary Roque, tanong pa rin ni Kris Jose ng Remate: Hinikayat ng isang senador ang Malacañang na magdeklara ng state of calamity para raw matulungan ang mga hog raisers na maka-recover mula sa epekto ng African Swine Fever at huwag payagan ang pork imports na bumaha sa mga pamilihan.

SEC. ROQUE: Ang latest po diyan, nagpadala na po ng liham ang ating Presidente na nagrirekomenda na Kongreso na po ang magdesisyon pagdating po doon sa volume na iaangkat sa pamamagitan po ng MAV.

USEC. IGNACIO: Tanong naman po mula kay Ace Romero para kay Secretary Roque: Your slide show that one week ECQ is not enough to continuously bring case numbers down. Does this mean an extension of the lockdown is likely?

SEC. ROQUE: Sinabi naman po ni Doktora De Guzman, ang rekomendasyon nila is pahabain pa ang ECQ. Pero kanina po 'no galing lang ako sa IATF meeting, kung makikita ninyo po iyong diperensiya ng red at saka ng blue, hindi po masyado siya nagkakalayo. Ibig sabihin, hindi masyado natin mapabababa rin ang numero ng mga kaso maski pa tayo po'y mag-extend ng ECQ. Kaya binabalanse po natin ngayon iyan, kinukonsidera natin iyong total health ng ating mga kababayan, iyong cost-benefit analysis in terms of iyong mga karagdagang Pilipinong magugutom at mamamatay sa iba pang mga dahilan bukod po sa COVID-19.

So ganiyan po iyong ating decision making process, napakaselan po talaga dahil ang susundin lang natin ay iyong isang aspeto na dapat pababain ang numero ng COVID-19 eh baka naman po mas maraming mamatay dahil po sa pagkagutom. At titingnan din po natin siyempre iyong kakayahan na magbigay pa nang malawakang assistance kasi napakadami pong bibigyan ng assistance, kada linggo ng ECQ 22.9 million Filipinos po ang bibigyan ng assistance.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Punta po tayo kay Mela Lesmoras, please.

MELA LESMORAS/PTV4: Hi! Good afternoon, Secretary Roque. Unahin ko lang po, follow up din doon sa naging projections nga para sa ECQ. Sa inyong huling naging talakayan sa IATF, may I know kung ano po iyong mas malaking chance na napag-uusapan ng IATF iyong extension po ba o hanggang April 4 lang talaga?

SEC. ROQUE: Ongoing pa po. Umalis po ako sa kalagitnaan ng diskusyon, hindi pa kami nakakarating doon sa mga proposal. Pero gaya ng aking sinabi po 'no, maselan po talaga iyong decision making, hindi naman po pupuwede na sa pagnanais natin na mapabagal talaga ang COVID-19, mas marami naman ang mamatay dahil sa kagutuman at iba pang mga dahilan bukod po sa COVID-19. Total health po ang ating target.

MELA LESMORAS/PTV4: Opo. Pangalawang question lang, Secretary Roque. Regarding naman po sa ibibigay na tulong ng gobyerno ngayong ECQ sa NCR Plus nga. Maraming nagtatanong, kailan po kaya iyong target na maipapamahagi itong mga ayudang ito at paano po kayang gagawin nating sistema para maiwasan na iyong mga nangyari before na nagkakaroon ng delay sa distribution?

SEC. ROQUE: Well, ang narinig ko po, ito po narinig ko ha kay Secretary Dominguez 'no but this is tentative, more or less mga kalagitnaan po ng Abril. Now siguro si Secretary Wendel can also answer this question, pero iyan po ang narinig ko sa bibig ni Secretary Dominguez.

Secretary Avisado…

DBM SEC. AVISADO: Sa panig naman po namin, siguro nagkakaisa kami sa economic team na kailangan talaga iyong ayuda na. Kaya nga po kapag napirmahan ng Pangulo iyong rekomendasyon namin, kung alinman doon, ay kagyat na nakahanda na po iyong SARO at NCA eh. Ibig sabihin at the latest bukas lalabas na lahat iyong SARO at NCA para po wala na tayong hihintayin pang mga araw.

MELA LESMORAS/PTV4: Opo. Bale, Secretary Avisado, mga second week of April din po ba iyong nakikita ninyong distribution po or earlier po?

DBM SEC. AVISADO: Depende na po sa mga local government units iyan kasi sila po mamamahagi eh. Subalit iyong pondo ora mismo pagkapirma ng Pangulo ilalabas ko na kaagad iyong SARO at NCA direkta sa mga local government units.

MELA LESMORAS/PTV4: Okay. And, Secretary Roque, panghuling question na lang po. Mayroon po bang public address si Pangulong Duterte mamaya? At can you just give us a quick rundown kung anu-ano po iyong mga activities niya today?

SEC. ROQUE: Well, sasalubong po siya sa Sinovac mga alas kuwatro o alas singko at galing po sa Villamor Airbase babalik po siya sa Malacañang para sa pagpupulong namin, ng piling

miyembro ng IATF at sa kaniyang Talk to the People. Inaasahan po natin na sa Talk to the People, masasapinal na iyong quarantine classification simula April 5 hanggang katapusan ng Abril at saka iyong issue po ng assistance ng gobyerno.

MELA LESMORAS/PTV4: Okay. Thank you so much po, Secretary Roque, Secretary Avisado at sa iba pa nating guests.

SEC. ROQUE: Thank you, Mela. Balik tayo kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: From Leila Salaverria of Inquirer: Vaccination is a big part of our recovery strategy, but a recent survey shows that the number of people who refuse to be vaccinated has risen to 61% with most them citing safety concerns.

SEC. ROQUE: Well, dati na po iyang numero na iyan, I think there's been some improvement pagdating sa vaccine confidence. Pero mayroon din po tayong naunang pag-aaral na karamihan naman po ng mga Pilipino ay magpapabakuna kung makita nila na nauna na iyong iba. At nakita na nga nila na halos lahat o karamihan at least ng ating mga medical frontliners ay nagpabakuna na, sila po talaga ang pinakaepektibong mga influencers para magpabakuna ang ating mga kababayan.

Sa ngayon po ang feedback na nakukuha eh nag-uunahan na nga po ang mga senior citizens na magpabakuna 'no. Ang dami ko na pong text na natanggap at niri-refer ko naman po sila sa mga mayor ng kanilang mga lugar.

USEC. IGNACIO: Ang second question niya: What additional steps does the government plan to do to address this? What its game plan in case the number of people willing to get the vaccine doesn't increase or live up to expectations?

SEC. ROQUE: Well, sa amin naman po, nilalabas lang namin ang katotohanan – mas nakakahawa na po ngayon ang COVID dahil sa mga variants. Totoo po, hindi naman po lumala na mas nakakamatay siya pero habang mas marami pong nagkakasakit, siyempre po maski nananatiling maliit iyong ating mga nagkakasakit nang malala o mga namamatay, mas marami pa rin po iyon dahil siyempre ang 2% ng 700,000 ay mas malaki kaysa sa 2% ng 500,000.

Kaya nga po kung pupuwede na kayong magpabakuna at ang susunod naman pong mga priority natin ay iyong mga seniors at comorbidities, iyong mga tinatamaan talaga ng COVID-19, iyan po ang pinakaepektibong pamamaraan para mabawasan natin ang mga namamatay dahil po sa COVID-19.

USEC. IGNACIO: Tanong po ni Maki Pulido ng GMA News: Ano daw po ang ibibigay na tulong para sa mga daily wage earners affected by the ECQ? Ilang workers ang affected?

SEC. ROQUE: Nasagot na po iyan ni Secretary Wendel, 22.9 million.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Punta po tayo kay Melo Acuña, please.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Good afternoon, Secretary. Nice to see you well. I just have several questions for Secretary Avisado please.

SEC. ROQUE: Yes. Secretary Avisado…

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Good afternoon, Secretary.

DBM SEC. AVISADO: Go ahead, Melo.

MELO ACUÑA/ASIA DAILY PACIFIC: Opo. Nabanggit po ninyo na for signature na ng Pangulong Duterte at magkakaroon kaagad ng SARO at magkakaroon ng pondo. Ang tanong ko po eh do we have the luxury of time sapagkat Lunes ngayon, Martes at Miyerkules eh hindi magtatagal ay mayroon na tayong Huwebes Santo, wala nang opisina. Papaano po kaya makararating ito sa local government units? Ano pong paraan?

SEC. AVISADO: Sandali lang po, kasi iisyu lang naman namin iyon BTr, tapos iyong BTr, kagyat na maglilipat kaagad sila ng pondo sa MDS account ng mga local government units sa Kalakhang Maynila at sa lalawigan ng Bulacan, Rizal, Cavite at Laguna.

SEC. ROQUE: Sir, ibig sabihin automated po ito, within seconds magagawa ito?

SEC. AVISADO: Opo.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Mabuti po kung ganoon, salamat sa assurance. Doon po sa presentation na nakita ko kina Secretary Roque at sa mga dalubhasa, mayroong limang scenarios para mapababa pa natin iyong bilang ng mayroong COVID, paglaganap nito. Pero kung sakali pong masusunod iyong scenario na hanggang sa Abril 18, may pondo pa po kaya ang pamahalaan para tugunan ang pangangailangan ng ating mga kababayan?

SEC. AVISADO: Ito pong ihinanda natin ngayon, one time lang po ito, dahil ito po ay para lang talaga sa sitwasyon ngayon at hindi naman siguro maubos din kaagad in one week iyong ibibigay na ayuda. So, ina-anticipate na rin po natin iyan kung magkano man iyon, malalaman po natin mamaya po dahil we are not at liberty to divulge anything po, in fairness to the President po, or in deference to the President.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Opo, we understand that. Para po kay Dr. Alethea De Guzman please.

SEC. ROQUE: Go ahead. Dr. De Guzman.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Nabanggit po ninyo na talagang kailangang mag-ingat. Pero doon po sa nangyari sa Metro Manila, sa National Capital Region, hindi po kaya ito paghuhusga ng kakulangan sa contact tracing kaya lumaki ng ganito ang bilang ng mga may karamdaman sa Metro Manila at mga kalapit na mga lalawigan?

DR. DE GUZMAN: Para po ikonteksto po natin siya, ang response it shouldn't be a blame game 'no. Ito ang pagtaas po ng kaso natin ay marami pong dahilan, iyong variants of concern isa lamang po ito. Pero alam ninyo lahat tayo may accountability, iyon pong nabanggit ko: Yes, the LGUs may accountabilities sila na may sapat na resources para makapag-surveillance, testing, contact tracing at isolation. Ngayon, tayo naman, tingnan din natin iyong individual accountability natin, dapat tayo rin naman po magpatingin agad o kapag tayo ay hinanap, kapag kinontak trace tayo po ay mag-cooperate. So napakahalaga noon kasi kahit madaming contact tracer, pero kung hindi tayo nagsa-submit, hindi natin pinapaalam na close contact pala tayo, pero hindi po tayo nagko-cooperate sa contact tracer, hindi po rin natin maa-achieve iyong performance metric na kinakailangan nating ma-achieve para po mapababa natin ang ating kaso.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Opo. Thank you very much. Secretary Roque, mayroon lang po akong idudulog sa inyo, this may be a very parochial issue. Mayroon po kaming kapitbahay na matapos magpa-rebook ng kaniyang ticket sa eroplano ay makakabiyahe na sa a-dos ng Abril at magpapa-swab test na bukas para makauwi sa kanila for good. Pero nabanggit po ninyo na "authorized persons" lamang ang maaaring sumakay ng eroplano? Papaano po kaya ang gagawin?

SEC. ROQUE: Well, siguro po dahil nga nagkaroon ng ganitong rule ang gobyerno. kinakailangang mag-rebook talaga ang mga eroplano. Ito naman po ay sakop doon sa probisyon ng ating new civil code on fortuitous cause na hindi naman po inaasahan beyond the control of the passenger.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: So magri-rebook na lamang po.

SEC. ROQUE: Dapat po at dapat bigyan naman sila ng pagkakataong mag-rebook.

MELO ACUÑA/ASIA PACIFIC DAILY: Maraming salamat po, Secretary Harry.

SEC. ROQUE: Salamat, Melo. Punta na tayo ulit kay Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: From Cresilyn Catarong of SMNI News: Nakiusap ang grupong Turismo, Isulong Mo sa pamahalaan na isama sa bibigyan ng ayuda ang mga manggagawa sa Tourism Industry. Ayon po sa grupo, marami sa kanilang miyembro ang hindi pa nakakabalik sa trabaho simula noong isang taon dahil hindi pa namang 100% bukas ang turismo sa bansa kaya marami pa sa kanila ang naghihirap. Ano ang tugon ng Palasyo dito?

SEC. ROQUE: Iyong 22.9 po, ang estima ko diyan, mas malaki po ang numero na iyan kaysa doon sa mga tumatanggap ng 4Ps. So mas marami po talagang nilalaan na matulungan ang ating gobyerno.

USEC. IGNACIO: Second question po niya maraming mga pasahero ang stranded at walang masakyan sa unang araw ng ECQ bubble, ano ang gagawing hakbang ng gobyerno dito? May libreng sakay bang handog ang gobyerno?

SEC. ROQUE: Alam po ninyo, unang-una, hindi dapat magkaroon ng talagang matinding problema kasi hindi po natin sinuspinde ang public transportation, hindi po kagaya noong unang ECQ. Ngayon po tuloy po ang mga pampublikong sasakyan, kaya nga lang po istrikto na 50% capacity at saka iyong seating capacity. So hindi po totoo na dapat maging problema iyan, dahil unang-una halos lahat ng industriya, kaunti lang po iyong industriyang pinayagan nating bukas, lahat po tayo ngayon homeliners. At dahil po dito, sa tingin ko naman po maski nagbawas ng public transportation, sapat po iyan. Natuto na po tayo noong leksiyon noong unang ECQ na naglalakad ang ating mga kababayan. So pinayagan po natin ang halos lahat ng pampublikong transportasyon.

Ito nga po iyong mga transportation na allowed nasa screen po, iyong mga domestic flights hindi po natin pinatigil, ang international flights, ang inbound po 1,500, allowed po ang mga sea vessels, 50% capacity, ang mga tren allowed po, ang ating PUVs allowed, ang ating traditional jeepneys allowed. Tapos allowed po iyong ating MV express, taxi, TNVS, tricycle po, allowed din, iyong ating Angkas at saka provincial buses. At siyempre po, iyong ating mga frontliners, magpakita po kayo ng ID, mayroon din tayong libreng sakay.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Okay. Joseph Morong, please?

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Hi, sir! Good afternoon. Good afternoon to your guests, sir. Sir, mini questions muna sa iyo. Iyon po bang sa APOR, halimbawa nagtatrabaho sila sa gabi, mga call center, pero ang susundo sa kanila non-APOR. Halimbawa po ang motor, puwede iyong motor, so papayagan ba na non-APOR iyong susundo ng APOR?

SEC. ROQUE: Well, kung ang mga sumusundo po ay mga tricycle drivers, iyong mga tricycle drivers po kagaya ng Angkas ay APOR.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Personal.

SEC. ROQUE: APOR po sila.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Personal motor for example. Ako kuwari, non-APOR ako, so nasa bahay ako, but I have to fetch my sister na magtatrabaho ng gabi, non-APOR ako, pero APOR siya, puwede akong tumawid?

SEC. ROQUE: Dapat po APOR. Pero ikaw po bilang isang media po, APOR po kayo.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: General, sir, halimbawa non-APOR iyong susundo, negative?

SEC. ROQUE: Dapat kumuha ka na lang ng APOR, kumuha ka na lang ng Angkas, kumuha ka na lang tricycle, kumuha ka na lang ng taxi.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Sir, iyong returning residents for example iyong nasa labas ng Metro Manila ngayon, they want to go back now, can they do that?

SEC. ROQUE: Karapatan po nila iyan dahil iyan po ay right to travel, ipakita lang po na talagang sila ay residente ng Metro Manila.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Sir, can I go to Secretary Avisado?

SEC. ROQUE: Go ahead please.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Hi, sir! Good afternoon. How are you doing? Sir, baka naman puwede nang madukot, kasi ini-announce na rin naman ni Senator Go kanina iyong figure, I just want to confirm if iyong figure na ini-announce niya kanina ay iyon po iyong budget natin?

SEC. AVISADO: Which figure?

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: P23 billion, sir. At ang sabi po niya, ang iniisip na options for the President's approval – there is qualifier – is that either give it to the family or per individual and we are looking at giving them not cash aid pero in kind?

SEC. AVISADO: Precisely, it is for the President to make a decision on the matter. Suffice it to say that options are made available to him to choose from. But I cannot say more other than just wait until we get the official announcement from the Office of the President no less.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Yes, sir, probably puwede pong for later ni Presidente iyan, pero at least, sir, iyong ano pong sasabihin natin kay Presidente na budget na available?

SEC. AVISADO: Truth is mayroon talaga tayong natitira pang unutilized amounting to P23 billion. And how fortunate are we that based on the data provided to us by NEDA, the ones that are going to benefit from this financial assistance would be about 22.9 million targeted beneficiaries, so we are still within the projected required amount to be disbursed for this purpose.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Sir, hindi pa natin makayang masabi kung how much each family or individual?

SEC. AVISADO: Hindi pa eh, because until the President makes the announcement or the Executive Secretary.

JOSEPH MORONG/GMA NEWS: Pero, sir, iyon pong hinanda ninyo na budget, enough po iyan for one week lang?

SEC. AVISADO: Hindi naman po maubos in one week iyan.

DBM SEC. AVISADO: Kasi nga, we surmise that something more is going to happen after one week, so based on our projection, this will tide them up at least up until the time that, you know, the government or the IATF and approval by the President to make adjustments in the current state of quarantine in our country.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Meaning, sir, if we extend may pera pa rin?

DBM SEC. AVISADO: Well, we're tied up to what we have right now and that's why the DBCC is going to meet later in this afternoon precisely to talk about the ways forward considering that we also anticipate na iyong ibang region din ay magkakaroon ng problema, so ina-anticipate na rin natin iyan at iyong pagkukunan naman, iyon ang pag-uusapan namin.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Sir, re-phrase ko iyong question: The 23 billion, can that last for one month?

DBM SEC. AVISADO: I'm not sure eh because hindi rin nasabi sa amin ng NEDA na kung ano ang ibibigay will be good for one month. But it's definitely lower than what we have given during the Bayanihan I.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay, sir. Sir, thank you for your time. Nice seeing you again, sir. Sir, can I go to Dr. De Guzman, please?

SEC. ROQUE: Go ahead. Your last question, please.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay. Dr. De Guzman, how did you say that if one week ECQ—if after ng one week ECQ ay babalik pa rin po ng increase in numbers? And if we do not sustain, if we do not extend, are you agreeable to that as medical perspective, ma'am?

DR. ALETHEA DE GUZMAN: Ang mga projections na ginagawa natin ay based sa mga iba't ibang assumptions 'no, so I don't want to make it too technical. So iyong ginawang projection po ni FASSSTER nakikita niya kung tayo ay magwa-one week ECQ nga po, may bahagyang pagbaba ng kaso tapos tuluy-tuloy pa po uli 'no, aakyat na naman ang dami ng kaso natin.

Pero gusto ko lang ikonteksto natin, baka po kasi masyado tayong naka-focus kay ECQ. Ang ECQ po ay dapat sinasamahan siya ng, number one, dapat gumaganda po iyong adherence natin sa MPHS; hindi tayo puwedeng mag-ECQ lamang. Kailangan iyong time na iyon ay

ginagamit natin iyon well para mapaabot sa publiko na kailangan tumaas iyong adherence natin sa MPHS.

Ikalawa, na binibilang o bina-buy na oras po ng ECQ natin, dapat ito ay tuluy-tuloy after ECQ ay pa-shorten 'no iyong delays na nakikita natin. Ngayon kasi may delay tayo, gaano katagal bago magpatingin ang isang tao, bago po siya ma-test or bago po siya ma-submit to contact tracing.

So sabi nga ni Spokesperson, hindi lang po ECQ ang ating dapat na pag-isipan, magkasama po lahat iyon para mag-ECQ man tayo ng isang linggo, mag-ECQ man tayo ng tatlong linggo, iyong PDITR at MPHS adherence dapat andoon pa rin po iyon. Kung hindi, kapag nag-lift na naman tayo ng ECQ, gaano man siya katagal, tataas pa rin po iyong mga kaso po natin.

JOSEPH MORONG/GMA 7: And that is because we don't follow the minimum health protocols, ma'am?

DR. ALETHEA DE GUZMAN: Tama po, sir.

JOSEPH MORONG/GMA 7: Okay. So, ma'am, so agreeable kayo if we don't extend? Halimbawa, talagang ang pisi natin is hanggang April 4 lang, okay lang iyon sa medical perspective?

DR. ALETHEA DE GUZMAN: Mahirap pong sabihin ngayon eh 'no. Kaya nga nabanggit ko kanina, napakahalaga ng mga susunod na araw. Nakita natin ang kaso at saka iyong datos po natin sa healthcare at saka ICU utilization rate.

JOSEPH MORONG/GMA 7: All right, ma'am. Thank you for your time. Secretary Roque, thank you for your time.

SEC. ROQUE: Thank you, Joseph. Back to Usec. Rocky, please.

USEC. IGNACIO: Secretary, from Llanesca Panti of GMA News Online: What happened to the expected delivery of over 900,000 AstraZeneca vaccines from COVAX Facility? Is the delivery still pushing through? And if so, when will this happen?

SEC. ROQUE: Darating pa rin po iyan either sa last few days ng Marso o sa mga unang araw ng Abril.

USEC. IGNACIO: Question from Rose Novenario of Hataw: Iyong mga pulis at militar po ba ay hindi malalagay sa peligro sa kanilang isasagawang house-to-house search for COVID positive persons lalo na't ayon sa PNP ay may dalawanlibong COVID-19 cases sila kada araw mula noong nakalipas na linggo at siksikan na rin po ang kanilang quarantine facility?

SEC. ROQUE: Ang mamumuno naman po ng ating house-to-house, iyong CODE na tinatawag, ay mga health officers natin at mga DOH personnel 'no. Mayroon lang po silang support. So kaya nga po importante, lahat ng mga health personnel natin, lalo na iyong mag-ku-CODE house-to-house, ay magpabakuna na po.

USEC. IGNACIO: Okay. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Thank you. Punta tayo kay Pia Gutierrez, please.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Hi, sir! Good afternoon. Sir, itong meeting ng IATF na ito, are you confirming na pinag-uusapan ngayon iyong possible extension ng ECQ?

SEC. ROQUE: Hindi ko na po alam dahil umalis na ako sa meeting 'no because of the press briefing. But I do not know, that's the answer 'no, dahil I will have to find out after the press briefing.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Yeah, pero pinag-uusapan siya ngayon, sir, o kasama siya doon sa nga topics to be discussed?

SEC. ROQUE: Nagkaroon na kasi kami ng preliminary discussion on this. So mayroon na pong preliminary recommendation to the President. Ang unang-unang pinag-usapan po ay iyong mga appeals, and there was only one province that appealed 'no – Quirino, if I'm not mistaken, na mas gusto nilang mag-escalate ng kanilang quarantine classification.

So I cannot confirm nor deny now because hindi ko na po naabutan iyong discussion.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: But if ever, sir, when do we expect a decision on this?

SEC. ROQUE: Well, there will be a recommendation for the President's decision in his Talk to the People later tonight.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: All right, sir. Sir, how do you describe the government's response doon sa bagong variants? Kasi there have been criticism na it seems that the government is just reining it as they go along? Like itong isyu ng ayuda, hindi ba raw tayo nag-prepare, hindi ba nagkaroon ng foresight na at one point, it may be necessary for us to go back to ECQ? So how do you respond to those kinds of criticisms, sir?

SEC. ROQUE: Again, utak talangka po iyan. Bakit? On the record po, si Secretary Dominguez, iyong mga panahon na hinihimok siya ng ilang mga miyembro ng Kongreso na mas marami pang ayuda na ibigay, mas marami pang utangin para sa COVID, ang sabi niya, 'Hindi, kasi kung uubusin na natin ang ating resources ngayon, hindi natin alam kung gaano katagal itong problemang ito.' True enough, tumatagal nga po ang problema, bagama't nandiyan na ang bakuna.

So may foresight po ang ating economic team na huwag masyadong umutang, huwag masyadong ubusin ang ating resources at maghanda doon sa mga contingencies. So iyan po ay patunay na malinaw po ang istratehiya natin. Napakaganda nga po ng foresight ni Secretary Dominguez kaya nga po nanindigan siya kahit anong sabihin ng Kongreso noong mga panahon na iyon na kinakailangan mas marami pang gastusin para sa subsidy at para sa SAP, hindi. Ang sabi niya, lalagay tayo sa gitna sa buong daigdig doon sa mga halagang inuutang para sa COVID dahil hindi natin alam kung gaano katagal itong problema na ito. Iyan po ay patunay ha, na talagang may foresight at malinaw ang plano po ng NEDA.

Pangalawa, malinaw na malinaw din po sa simula't mula ang ating criteria na daily attack rate, two-week average daily attack rate at critical care capacity pa rin ang tinitingnan natin at hindi po tayo umaalis diyan. At kinukonsidera rin natin iyong epekto sa ekonomiya at saka sa lipunan mismo. Kaya nga po total health ang ating goal, hindi lang po pagbalanse ng kalusugan at ekonomiya, kasi po kasama na sa kalusugan iyong pagkagutom dahil po sa lockdown. So mali po ang mga sinasabi nila.

At pangatlo po, talaga naman po kung hindi pumasok itong mga new variants na ito ay talagang nasa 1,000 more or less na lang tayo kada araw 'no. Pero hindi po natin madi-deny na talagang malaki ang papel nitong mga new variants bagama't ang pakiusap natin ay pareho pa rin po ang ating sandata, kung sila ay mas nakakahawa, mas matindi pa rin ang ating mask, hugas, iwas at bakuna; mas matindi pa rin ang ating mga ginagawang CODE na house-to-house at saka iyong ating testing 'no and isolation, patuloy naman po tayong gumagawa rin ng mga additional facilities.

At alam mo, huwag ninyo pong kakalimutan, mga kababayan, huwag po kayong makinig diyan sa mga utak talangka na iyan. Buong mundo po ay may problema sa new variant; hindi po tayo nag-iisa. Kinakailangan huwag lang lokal na telebisyon ang panoorin ninyo; panoorin ninyo rin po ang CNN at ang BBC nang makita ninyo na marami na ring bansa sa daigdig ngayon ang nagla-lockdown.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, on another topic, sir. I sent you the viral video on President Duterte's birthday. I hope you were able to see it. Iyong doon sa celebration niya sa Davao City. Pero more than the issue doon sa cake na kanin ni Presidente na sabi ng iba ay pakitang tao lang, if you could respond to that later. Ang isyu dito kasi, sir, marami ang nagagalit dahil nakita doon sa video iyong akmang panghihipo ng Pangulo doon sa batang babae na nagdala sa kaniya ng cupcake. So how do you explain iyon, sir? And how do you reconcile this with previous statements ng Palasyo na the President respects women?

SEC. ROQUE: Ang favorite word ko po ngayon 'utak talangka'. Kaninang umaga po unang ginamit ko iyong utak talangka sa mga pumupula diyan kay Presidente. Ano pa bang gusto ninyong selebrasyon ng isang nakaupong presidente? Ang tanging nandoon lang sa selebrasyon niya, immediate members of his family, mga kasambahay.

Now, iyong sinasabi mong panghihipo, eh matagal na niyang kasambahay iyon eh. Alam mo naman talagang palabiro ang ating Presidente pero wala pong malisya iyon dahil nakaharap naman po doon si Ma'am Honeylet. Ano ba naman pong problema doon sa maghahanda ng out of the ordinary na handa, eh 76th birthday naman iyon at saka sila-sila lang po. Wala pong makapagsasabi na magarbo ang ating Presidente. Sabihin na nilang lahat, hindi po nila masasabing magarbo.

In fact, nalulungkot nga ako na sa aking dalawang taon ng panunungkulan dito, ni isang vin d'honneur hindi ako nakatikim, ni isang sosyalan dito na bongga wala akong natikman dito sa Malacañang. Tigil na po iyan, wala po talagang issue doon sa napakasimpleng pag-celebrate ng birthday ng isang presidente 'no. Even na it is his 76th birthday at the time of pandemic, talagang dapat po pinagdidiwang dahil ang buhay ang pinakaimportanteng regalo galing sa Panginoon.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Sir, kasi the President before has admitted that he molested dati a housemaid. How is the Palace seeing this, Sir? Is it okay for you, iyong ganoong klase ng mga biro since nandoon naman sa harapan si Ma'am Honeylet?

SEC. ROQUE: Pia, kung may magrireklamo, dapat iyong kasama niya sa bahay. Iyon lang po 'yun.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: All right, Sir. Sir, last na lang, question ni Joyce Balancio. Magkano daw po iyong nagastos ng gobyerno doon sa 1 million na Sinovac doses na darating later?

SEC. ROQUE: Seven hundred (700) million pesos.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: All right, Sir. And paano iyong allocation niya, sir? Ibibigay din ba iyan sa senior citizens?

SEC. ROQUE: Hindi po pupuwede sa senior citizen 'no. Pero ang bulto po niyan dito pa rin sa NCR Plus, Cebu at Davao at ito po ay gagamitin sa health professionals at saka doon po sa may comorbidities. Now mayroon din pong resolution na later on kapag dumating na nga po iyan, ikukonsidera din sa A4 pero isa po sa pinag-uusapan ngayon ng IATF kung sinu-sino talaga iyong magiging A4 priority.

PIA GUTIERREZ/ABS-CBN: Okay, sir. Maraming salamat po.

SEC. ROQUE: Maraming salamat, Pia. Balik tayo kay Usec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

Tanong mula kay Marichu Villanueva ng Philippine Star: What science and data did the IATF based the 6 P.M. curfew start up to 5 A.M. for one week? Even during the first hard lockdown in March last year did not imposed such insane start of curfew at 6 P.M. Can we expect the

IATF to synchronize this with the LGU curfew ordinances at NCR, 10 P.M. to 5 A.M. curfew as a more implementable common curfew hours?

SEC. ROQUE: Well, Ichu, unang-una ni hindi nga kinakailangang mag-curfew eh. Bakit? Kasi lahat tayo lockdown tayo sa mga bahay natin unless tayo ay APOR dahil tayo ay nagtatrabaho or kukuha lang tayo ng necessities. Iyong 6 to 5 eh para kung ikaw ay lalabas dahil sa necessities, ibig sabihin noon pumunta ka na sa palengke at sa grocery bago mag-ala sais ng gabi.

Siguro kung may idadagdag si GM Jojo puwede niyang idagdag. GM Jojo Garcia?

MMDA GM GARCIA: Yes. Good afternoon. Tama po Sec. 'no, iyong sinabi ninyo. Nilagay lang natin iyong mga curfew para sa mga magpi-prepare po ng dinner 'no. Alam naman po natin madami tayong mga kababayan hindi naman kaya iyong mga delivery service, so iyon po araw-araw bumibili ng bigas or ulam, pang-ulam nila 'no. So we just want to make sure by 6 P.M. po tapos na iyong pag-prepare nila for dinner kasi iniiwasan nga po natin talaga ang madaming tao sa labas lalung-lalo na after 6 P.M. Pero rest assured po, lahat po ng APOR allowed naman po iyan kasi kapag hindi natin nilagyan ng curfew iyan, lahat po iyan lalabas sasabihin bibili sa tindahan during the night time.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong mula kay Abel De Leon ng Manila Bulletin: Mayroon bang truck ban during ECQ:

SEC. ROQUE: Wala po. Importante lahat ng cargo patuluyin dahil iyang mga cargo po, iyan po iyong buhay ng ating ekonomiya lalung-lalo na kung ang laman ng cargo ay pagkain.

USEC. IGNACIO: Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Okay. Punta na tayo kay Pia Rañada, please.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sec., puwede po muna kay Dr. De Guzman?

SEC. ROQUE: Go ahead, pero unahin ko muna po. Paki-flash uli iyong world ranking kasi mukhang nalathala sa iyong online magazine na COVID capital ang Philippines – hindi po totoo iyan. Ito po ang ranking 'no, number 30 po tayo sa total cases; number 22 sa active cases; 134 sa cases per 1 million; at 82 po tayo sa case fatality rate. So hindi po totoo na COVID capital tayo. Paki-correct naman po iyan.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Dr. De Guzman, Ma'am may we just get the raw numbers? You were mentioning Ma'am kasi na there's a difference between the number of cases kung mag-April 4 ECQ versus kung mag-extend tayo to April 18. Ma'am, may we know ano iyong difference between the numbers of cases projected between those two scenarios, the raw number po?

DR. DE GUZMAN: Sige po. If we can share later na lang po 'no, [garbled] presentation, it's something computed po by FASSSTER, so that was something that we'd like to ask permission po 'no. Pero, iyon po, if I can give it later na lang Spokesperson and with the permission po of the FASSSTER group.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Okay. How about, ma'am, even just the raw number ng projected cases per scenario, not the difference. But kasi flinash ninyo naman po iyong graphic 'di ba na it's around, parang mga 250/300 thousand kapag April 4 versus kung April 18, it's a bit over 500,000. Do you have those numbers, ma'am, the raw?

DR. DE GUZMAN: Yes po. Pero siguro ganito po 'no. I don't know where the narrative is going eh 'no. I just want to be dare to be cautioned in interpreting the graph 'no. Baka tulad nga ng sagot ko kanina, we shouldn't be too focused on the ECQ. Gusto kong idagdag na itong ECQ na pinag-uusapan namin dito ay hindi lamang po ito parang nag-lockdown ka lang. ECQ ito na dapat po may kasamang pag-improve sa adherence natin sa ating minimum public health standards plus iyong pag-delay po noong pagpapatingin, pag-contact trace at pag-isolate. Bababa po ito kung lahat iyon magkakasama, na hindi lamang iyong perspective, puro ECQ lang po iyong gagawin natin. So I hope iyan po iyong mapaabot na message po natin.

PIA RAÑADA/RAPPLER: All right. Secretary Roque, because you were saying na kaunti lang naman iyong difference ng projected cases versus in the two scenarios. But, sir, I'm wondering if the IATF is also thinking of the deaths that this could mean because they have a 1% of a 100,000 is like 1,000. I mean, it's still something, right? I mean there's still deaths like we always say that even one more death is already a lot. So, sir, when the IATF makes its decision on whether or not to extend—

SEC. ROQUE: Iyon po cost-benefit ng NEDA. Well, alam ninyo po, may cost-benefit pong ginawa ang NEDA 'no – sa 13,000 na namamatay, ang kinakailangan po timbangin natin iyong mga namamatay dahil sa ibang mga kadahilanan. At kung hindi po ako nagkakamali 'no, again, I'm trying to retrieve the graph, pero parang mga 400,000 po iyong death due to other reasons at kasama na po siguro iyan, iyong malnutrition and poverty 'no. So ganoon po ang ating pag-analyze at paggawa po ng polisiya – tinitimbang at ang ating goal nga po, total health. Dahil ang pagkagutom po na because of lockdowns, iyan po ay kabahagi pa rin ng total health ng mga mamamayan.

PIA RAÑADA/RAPPLER: But, sir, isn't it the reason why we are proposing aid for these families, to prevent that hunger? So maybe my next question can be for Secretary Avisado. Sir, saan manggagaling po iyong—

SEC. ROQUE: Well, sandali 'no, you asked already your last question 'no. Your last question is hindi ba iyan nagbibigay ng aid. Alam mo iyong aid na ibibigay natin, stop-gap measure lang po iyan. Pero that does not promote the totality of health of individuals. Your last question, please.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Ito nga, sir. Sir, for Secretary Wendel. Sir, saan galing po iyong 23 billion? You said unutilized funds, from which allocation, sir? And you were saying also earlier that the aid that will be given this time around will be bigger than the Bayanihan 1? Can you just elaborate, how much bigger po?

DBM SEC. AVISADO: The funds that we are going to use for this special amelioration assistance to those affected by the ECQ are the remaining unutilized balances of Bayanihan 2. And that therefore since the Bayanihan 2 was extended and the President was given authority under Bayanihan 2 precisely to realign and to put at good use whatever funds are made available, then that is the basis.

And as already stated, we have more or less 23 billion unutilized balance from Bayanihan 2. And that therefore, that is the basis for allocating this to all those affected the current ECQ.

PIA RAÑADA/RAPPLER: Sir sa Bayanihan 2, in which part of that is the P23 billion, is it for—which aspect of the pandemic response iyong natira, iyong hindi natin na spent?

SEC. AVISADO: Well, precisely as I have said, ang Bayanihan 2, we have practically used up all the money allocated for the various programs and that was 140 regular plus 25 standby. So we have covered that all, but still there remained a balance that was left unutilized and because these are carry over from Bayanihan 1. Remember that the sources for Bayanihan 2 are those unutilized from Bayanihan 1 and those that can be certified by DOF for Bayanihan 2.

SEC. ROQUE: Okay thank you very much. Pia, iyong aming datos nga po na pinakita kanina is from Johns Hopkins. So unless you have a better source than Johns Hopkins eh paki-correct po iyong inyong niri-report dahil naturingang fact-checker pa naman po kayo. Okay next question, please.

USEC. IGNACIO: Secretary, tanong mula kay Einjhel Ronquillo ng DZXL: Ano po daw ang assurance na hindi mauulit ang ginawang pag-i-estimate ng Meralco sa electric bill? Baka po kasi ikatuwiran nila na ECQ at hindi makakapag-meter reading ang kanilang mga tauhan.

SEC. ROQUE: Tatlong araw lang po talaga ang pinag-uusapan natin dahil talagang piyesta opisyal naman po talaga ang Thursday and Friday, hindi po mauulit iyan.

USEC. IGNACIO: Tanong ni Jun Veneracion ng GMA News: Totoo ba na marami na naman nag-positive sa mga MRT personnel at kabilang sa mga nahawa ay mga ticket seller, kung totoo puwede bang i-consider ulit ang shutdown gaya ng ginawa noon?

SEC. ROQUE: Alam po ninyo sa ayaw at sa gusto natin, talaga pagdating po ng Thursday at Friday talaga namang shutdown tayo 'no maski walang COVID. So ang pinag-uusapan lang po natin is Monday to Wednesday.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong tanong ni Celerina Monte for Secretary Avisado nasagot na po niya, pati iyong second question nila. Pero may tanong po siya para kay Dr. De Guzman: Can the government officially say that we are on a second wave ng COVID-19 cases; why and why not?

SEC. ROQUE: I am not in a position to answer that. Pero we will ask the WHO siguro to answer that para objective po ang kasagutan.

USEC. IGNACIO: For Dr. De Guzman din daw po?

DR. DE GUZMAN: Ako I fully agree din po, minsan we are so focused on the waves, kung ilang peak. Ako po ang mas tingnan natin ay ngayon tumataas po iyong kaso, ano po iyong gagawin natin para hindi pa po tumaas iyong kaso na ito. Iyong bar graph na pinakita ko kanina, hindi na po malagpasan nitong mga pinakahuling peak, itong peak na nakikita po natin. Thank you po.

USEC. IGNACIO: Okay. Thank you, Secretary.

SEC. ROQUE: Okay. Ang last natin ay si Triciah Terada, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Hi! Good afternoon, Spox Harry. Sir, just a follow up on Pia Gutierrez's question. Nabanggit po ninyo na iyong parang response ng Malacañang doon sa video ng Pangulo na ina-accuse nga nabastos iyong kasambahay, utak talangka iyong mga critics na nag-raise po doon. But does the Palace think, sir, that it's wrong to call out the President or any citizen for that matter for such misbehavior for standing up for someone against normalizing such behavior, sir?

SEC. ROQUE: Asked and answered na po iyan.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: But, sir, do you think it's wrong na manindigan iyong ibang tao kasi sabi po ninyo kailangan na mag-complain dapat iyong kasambahay sana, siya iyong unang dapat mag-complain. But is there anything wrong with people calling the President out on this behavior?

SEC. ROQUE: Wala pong control ang Presidente diyan lalo na doon sa dating nagpupula, expected po iyan. Pero kung sasabihin ninyo na tama ba o mali ang nangyari, ang konteksto po niyan, malapit po ang relasyon ng Presidente nakikipagbiruan sa kaniyang kaarawan, so wala pong masama diyan. But of course, kahit anong katotohanan, eh iyong mga talagang kritiko ni Presidente eh hindi titigil. So ganiyan po talaga iyan, it's not bad, it's not wrong, pero that's expected of them.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Spox, balikan ko lang din po iyong panic buying na nangyari noong Saturday before the announcement of ECQ. Ano po ba iyong magiging policy direction in terms of communication? Kasi, sir, from what we understand, itong mga tao nag-panic

buying because they were already receiving messages circulating, may mga nag-leak ng information. Are you going to hold the people who leaked the information accountable and paano po ba maiiwasan in the future so as to prevent panic buying which is everyone would agree as a super spreader event?

SEC. ROQUE: Well, unang-una, wala talagang dahilan para mag-panic buying kasi ni minsan hindi po natin sinarado ang supermarket, palengke at convenience stores. So I would think na talagang—wala pong dahilan eh kasi never pong magsasara iyan, dahil itong tindahan ng ating mga pangangailangan, never po nating ipasasara.

Although problema talaga iyong pagli-leak sa IATF, pero hindi ko na alam ang gagawin ko diyan, kasi talagang leak pa lang nari-report na ng mga mass media ano. Pero sa akin naman kinakailangan konting ingat din po ang mass media, kasi hanggang hindi ko nakukumpirma, hindi pa po pinal iyong mga nali-leak at hanggang sa huli po ay talagang nagkaroon ng mga pagbabago. So kung ayaw rin ninyong masunog, lalo na iyong mga mass media ay maghintay po kayo ng mga official na komunikasyon, dahil nothing is final until its announced officially po.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: But, sir, is the IATF also considering na kumbaga mas bilisan na lang po iyong announcement to avoid leaks para maiwasan po iyong pagkalat din ng mga miscommunication po?

SEC. ROQUE: Well, actually po—ngayon po talagang minamabilis naman po iyan. Explain ko lang po kaya tumagal: Number one, mayroon pong inaantay na desisyon si Presidente; pangalawa po, may inaantay tayong official document na iyong resolution.

Pero sa aming part po, I can assure you, as soon as I have the document, ia-announce ko na po no thrills, no frills from now on. Promise po iyan.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Thank you, Spox. Spox, may I direct my question to Secretary Wendel and to Dr. De Guzman in a bit po.

SEC. ROQUE: One question each please. Go ahead, please.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: To Secretary Wendel, sir, question lang po from my colleague. Hiwalay daw po ba iyong ibibigay ng DSWD at DOLE na aid? Kasi iyong DOLE daw po inaayos na iyong guidelines for CAMP and TUPAD cash aid programs? So magkaiba daw po ba iyong ibibigay nila? And sorry, sir, ihabol ko na rin pala 'no. Paano po na-determine iyong beneficiaries this time, itong 22.3 million?

SEC. AVISADO: Iyong sa regular program po nila, hindi po namin sakop iyon because they have their own set of priorities and target areas. But ito naman ay talagang nakatutok iyan dito sa areas affected by the ECQ.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: All right, thank you, sir. Sir, kay Dr. De Guzman naman po. Hi, Doc! Good afternoon po. Iyong ano kasi, ma'am, noong January, nabanggit po ng DOH that okay na po iyong single mask, parang hindi naman po advisable iyong double masking. Does this advice still stand given the new variants? Kasi po 'di ba nabanggit po ninyo na kailangang i-improve iyong compliance, when in fact there's data and sinasabi naman po ng government that people have been adherent, have been compliant to the minimum health standard. So, what can we do to further improve our compliance? Do you now encourage double masking?

DR. DE GUZMAN: Pagdating po sa masking, bago ko po puntahan iyong double masking. Una po iyong description natin, dapat kapag nag-mask ka tama, hindi iyong nakikita natin sa ilalim ng ilong o nasa baba po, so correct use.

Ikalawa po is consistent use. Baka naman po kapag nag-mall, naka-mask; pagdating na naman sa trabaho, 'pag kakain, tatanggalin tapos nakakalimutan na pong mag-mask. Part po doon is iyong nabanggit ko nga po sa bahay, pakiusap po na kung mayroon tayong mga vulnerable groups, mga matatanda, mga may comorbidity, mag-mask din po tayo.

With regards sa double masking, may mga expert po tayo na nagsasabi na it's something we can explore. Kaya lang siyempre isa pong nakikita rin namin, compliance is also related ito doon sa comfort din natin. Kung komportable ka kasi nato-tolerate mo, talagang maggagamit ka ng mask.

So sa atin kahit isang mask pero dapat tama at consistent ang paggamit po natin ng face mask.

TRICIAH TERADA/CNN PHILS: Thank you, Doc. Thank you, Spox. Thank you, Secretary Wendel. Salamat po.

SEC. ROQUE: Okay. Thank you very much. Punta po tayo uli kay Usec. Rocky. How many more questions, Usec. Rocky?

USEC. IGNACIO: Medyo marami-rami. Pero titingnan ko kasi iyong iba po ay nasagot na ninyo, Secretary.

SEC. ROQUE: Siguro last three questions. Kung hindi maitanong, i-text na lang po or i-Viber.

USEC. IGNACIO: Opo, Secretary, hindi ninyo raw po nasagot iyong tanong ni Jun Veneracion na kung totoo na may nag-positive sa MRT personnel na kabilang sa mga nahawa ay mga ticket sellers?

SEC. ROQUE: Hindi ko po alam. Hindi ko po alam. Tatanungin ko po.

USEC. IGNACIO: Opo. May pahabol pong tanong si Pia Gutierrez: May mga Multinational Corporations daw po nag-o-offer to provide vaccines to their local counterparts in the

Philippines. What is our policy on this? What are we doing to expedite the procurement of vaccines by the private sector?

SEC. ROQUE: Kagaya ng sinabi po natin, hindi po natin sila pinagbabawalan; pinararaan lang po natin iyan sa tripartite agreement. Pero iyong mga multinational companies na nais magpadala ng bakuna, ipagbibigay-alam ko po iyan sa IATF para magkaroon ng polisiya. Ngayon po, mayroong polisiya na iyong mga diplomatic missions, iyong mga international organizations, puwede naman po silang magpadala ng mga bakuna using their diplomatic pouches 'no. Pero iyon po lang ang alam kong polisiya pagdating sa mga diplomatic missions and international organizations with diplomatic status.

USEC. IGNACIP: Opo. Tanong ni Sam Medenilla, nasagot ninyo na po iyong una tungkol po sa pag-verify, iyong statement ni Senator Go about doon sa new SAP pati iyong ilang beneficiaries nasagot ninyo na rin po.

Tanong ni Jam Punzalan ng ABS-CBN: How much for the total 25 million doses that we will order from Sinovac?

SEC. ROQUE: It's a 700 million per one million po. Fifteen percent down, the balance upon delivery.

USEC. IGNACIO: Opo. Iyong tanong ni Johnna Villaviray na ang ayuda ba is per person or per household?

SEC. ROQUE: Ia-announce po iyan ng Presidente mamaya.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong ni Ace Romero kay Secretary Roque at Dr. De Guzman: Paki-detalye po iyong sinasabi na hindi naman gaano mapapababa ang cases kapag in-extend ang ECQ. Ano po ang difference sa case slowdown among the scenarios ng extension at non-extension?

SEC. ROQUE: Asked and answered na po iyan. From the graph, kaunti lang po ang diperensiya. As far as the future projection, kinakailangan po ng clearance ng kumpaniya na gumawa po ng projection.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong ni Kris Jose ng Remate: Kinontra po ni Dr. Leachon ang sinabi ninyo na hindi kapalpakan ng gobyerno kung hindi dahil sa variant ang muling pagtaas ng kaso ng COVID-19. Ang sabi po ni Dr. Leachon, I quote, "This is about 80% leadership problem." Sinabi pa ni Leachon na mas malala pa ang sitwasyon ngayon kumpara noong 2020.

SEC. ROQUE: Siyempre po sasabihin niya dahil 80% gusto niyang maging Secretary of Health.

USEC. IGNACIO: Question po ni Llanesca Panti: On chart's presented on projection of cases and corresponding quarantine protocol, does this mean puwedeng ma-extend ang ECQ at least in NCR until April 14?

SEC. ROQUE: Binabalanse po iyan, ina-analyze nang mabuti. At ang ating pagnanais, iyong totality of health ng mga Pilipino – huwag namang magutom dahil sa lockdown.

USEC. IGNACIO: Okay. Salamat po, Secretary Roque.

SEC. ROQUE: Okay, maraming salamat. Dahil wala na po tayong ibang mga katanungan galing sa Malacañang Press Corps, pasasalamatan ko po ang mga naging panauhin natin, unahin po natin si Secretary Wendel Avisado. Maraming salamat din po kay Dr. Alethea De Guzman at saka si Dra. Eva Maria Cutiongco-De La Paz. Maraming salamat sa ating mga kasama sa Malacañang Press Corps. At maraming salamat, Usec. Rocky.

So sa ngalan po ng ating Presidente Rodrigo Roa Duterte, ito po ang inyong Spox Harry Roque na nagsasabi: Mayroon pong katapusan ang lahat ng ating paghihirap dito sa pandemya. Malapit na po iyan. At sa Mahal na Araw, sigurado po ang mensahe ng Panginoon, "Hindi ko kayo iiwan. Hindi ko kayo pababayaan."

Magandang hapon po, Pilipinas.

##

--
News and Information Bureau-Data Processing Center